

1

Mula sa kinatatayuan ni Maricris, dinig na dinig niya ang maingay na kalembang ng kampana, hudyat na tapos na ang kasal. At ilang saglit pa'y tanaw niya ang pagsaboy ng confetti sa newly wedded couple na ngayon ay palabas na ng simbahan.

Nakita niyang sumakay na ang bagong kasal sa bridal car para pumunta sa reception. The wedding was really over. Tapos na ang kasal ni Harvey, ang ex-boyfriend niya.

Limang taon silang mag-steady ni Harvey, pero ipinagpalit siya nito sa anak ng boss nila. Kunsabagay, ano nga ba ang laban niya kay Lindsay? Maganda at mayaman ito.

Pinahid ni Maricris ang luhang dumaloy sa kanyang mga pisngi. Dahan-dahan lang kasi ayaw niyang mabura ang makeup niya. Para siyang sira-ulo na nagpa-parlor pa sa araw na ito.

Oo, ibang-iba ang hitsura niya ngayon. She looked so alluring and sophisticated. Nakalugay ang mahaba niyang buhok na laging nakatali. Ang mukha niyang dating napapahiran lang ng pressed powder ay heavily made-up; may blush-on ang kanyang mga pisngi, may eyeshadow at mascara sa mga mata, at sa kanyang mga labi ay may nakalagay na pulang lipstick. And to complete the package, she wore a very sexy red dress.

Gusto lamang niyang maging maganda sa araw ng kasal

ng ex-boyfriend niya dahil baka sa paraang iyon ay bumalik ang kumpiyansa niya sa sarili.

Napaigtad siya nang marinig niya ang pag-ring ng kanyang cellphone. Dagling dinukot niya iyon sa kanyang shoulder bag.

“H-hello?” aniya, sabay singhot.

“Nasaan ka?” Nasa kabilang linya ang best friend niyang si Noreen.

“D-dito sa... sa *Manila Cathedral*.”

“What? Maria Cristina Medrano, sinaksihan mo pa ang wedding ng taksil mong boyfriend! Correction, ex-boyfriend! Bakit ba gusto mo pang saktan ’yang sarili mo?”

“Huwag mo na akong pagalitan. Tapos na ang kasal.” Tuluyan na siyang napabulalas ng iyak. Dumukot siya ng tissue sa bag at saka suminga roon.

“Stop crying, for Pete’s sake! You should be thankful at nakawala ka sa isang lalaking katulad ni Harvey. He’s unreliable, abusive, a liar, a cheat, uber-flirt!”

“Five years din kami ni Harvey...”

“So? Kung sa akin nangyari ’yan, kahit sampung taon pa kami ay hindi ko panghihinayangan ang katulad niya. He isn’t worth your tears, Maricris. Let go!”

Suminga siyang muli sa hawak na tissue. “I... I love h-him

still...”

“Huwag kang tanga, he married somebody else!”

Napahikbi si Maricris sa pag-remind pa ng kaibigan. Masakit pa rin ang reality na may ibang babae na talagang nagmamay-ari sa dating boyfriend niya.

Bago ang kasal ay umasa pa siya na biglang magising si Harvey at bumalik sa kanya kapag napagtanto nitong siya ang tunay nitong mahal.

“Maria Cristina, umuwi ka na at papasyalan kita mamayang gabi.”

“O-okay...”

Umasa siyang pupuntahan nga siya ng kaibigang si Noreen. She really needed a shoulder to cry on.

Pumara siya ng taxi pero sa halip na magpahatid sa tinutuluyang apartment ay tumuloy siya sa *Mall of Asia*.

Lalo lang siyang made-depress kapag umuwi siya. Doon ay wala siyang gagawin kundi umiyak lang nang umiyak.

Pagdating ni Maricris sa *MOA* ay naglakad-lakad siya. Pumila siya sa isang ticket booth ng movie theater na hindi na inabala kung anong pelikula ang pinilahan niya.

Tumpak ang kanyang napili, isang comedy. Pero kung ang ibang nanonood ay tawa nang tawa, siya naman ay umaagos ang

luha. Kaya paglabas niya ng sinehan, bukod-tanging siya lang ang namumugto ang mga mata.

Sinipat niya ang kanyang wristwatch; alas siete pa lang ng gabi. Maaga pa at wala siyang balak umuwi kaagad. Gusto niyang mapagod para pagdating sa apartment ay plastado na siya. Pero bigla niyang naalalang pupuntahan pala siya ni Noreen.

Naisipan niya itong tawagan habang papunta siya sa food court.

“Nakauwi ka na ba?”

“Narito ako sa *MOA*,” tugon niya.

“Parang boses may sipon ka pa rin. Don’t tell me nag-iiyak ka buong maghapon diyan sa *MOA*?”

“I can’t help it. Nanood ako ng isang comedy film, pero naiyak pa rin ako.”

“So, ano’ng balak mong gawin, umiyak nang umiyak buong araw at buong gabi?” hindi natutuwang sita ni Noreen. “Baka gusto mong maglasing? Sasamahan kita.”

“I don’t feel like drinking. It’s never my cup of tea...”

“I promise it will make you feel good. Sige na, ako ang taya.”

“Saan naman tayo magkikita?”

“Remember ’yong place na pinuntahan natin kasama ang

kumare kong si Nancy?”

“Yes.”

“Doon na lang tayo pumunta. Is it okay kung mauna ka na at susunod na lang ako?”

Humugot ng buntong-hininga si Maricris. Hindi niya hilig ang uminom, pero naisip niyang kahit man lang ngayong gabi ay makatulog siya nang mahimbing dahil sa kalasingan.

“Okay, no problem.”

“Then, see yah!”

Pumasok muna siya sa rest room para ayusin ang sarili. At tama ang hinala niya, she was a mess.

Nag-retouch siya at nang kontento na sa ayos ay lumabas siya ng *MOA*, sumakay ng taxi at nagpahatid sa isang kilalang bar sa Manila.

Nilagok ni Iñigo ang alak sa hawak niyang kopita. Gusto niyang lunurin ang sarili sa alak. Parang sasabog kasi ang dibdib niya sa sobrang disappointment.

He planned the wedding proposal. He made sure it would be perfectly romantic kaya sa pag-aaring yate pa niya naisipang mag-propose, complete with candlelit dinner, music and fireworks display...

Pero bigo siya. The magic just didn't work. Because he was turned down.

What happened kept playing on his mind...

Nasa yate sila, watching the fireworks in the sky. Shanelle was a beauty to behold while she was enjoying the display like a child.

Tumindi ang tibok ng puso ni Iñigo nang ilabas niya ang singsing. "Will you marry me?" halos bulalas niya bago pa siya tuluyang dagain sa dibdib.

Ilang saglit munang tinitigan ng babae ang alahas pagkatapos ay ibinaling ang tingin sa kanya na may lungkot at panghihinayang sa mga mata. "Oh, Iñigo, I wish I could but I can't. You know why, don't you?"

Kinabahan siya. God, was she going to turn down his proposal? Alam niyang nag-e-enjoy pa si Shanelle sa modeling career nito, pero hindi ba worth it na talikuran iyon kapalit naman ay ang inaalok niya?

"Don't you think it's time for us to start our family? Have kids and all that?" medyo composed pa rin niyang tanong. "You see, my parents are already excited about us getting married."

"Marriage is still a long way for me, Sweetheart, and you know that."

"I won't get in the way of your plans kahit kasal na tayo..." he assured her.

My Heart's Destiny - Connie C. Causing

Umiling ang babae. "Hindi 'yon gan'un kadali and you know that." Hinawakan nito ang kamay niya. "Iñigo, I love you but I want to fulfill my dreams first." Nangilid ang luha sa mga mata nito. "A-although it's killing me, I realized I have to let you go. Hanapin mo 'yong babaeng magmamahal sa 'yo nang buong-buo. Iyong babaeng kayang iwanan ang lahat para sa 'yo. I guess, you don't deserve a woman like me."

Napalunok ang binata. "W-what do you mean?"

Hinawakan nito ang kanyang pisngi. "I'm setting you free."